

Tamagawa Half Marathon

(多摩川ハーフマラソンについて) 205

Ang Kawasaki 2005 Tamagawa Half Marathon ay gaganapin sa ika-20 araw ng Nobyembre sa kursong tabing-ilog ng Tama. Gaganapin ito mula sa Kawasaki City Tama River hanggang sa Furuichiba kung saan ito ay karaniwang pinagdarausan ng Long- Distance Running Competition ayon sa permiso ng Japan Association of Athletic Federation para sa Tamagawa Marathon Course. Binubuo ito ng half marathon, 10 kilometrong marathon 3 kilometro at pareha ng mag-anak sa ibento ng pagtakbo. Ang paligsahan para sa magulang at anak ay may 1 kilometro at ito ay para sa mga batang nasa ikatlong baitang ng elementarya hanggang ika-anim na baitang at ng kanikanilang mga magulang.

Bukod sa ibentong paligsahan para sa mag-anak, mapagkakalooban ng katunayan o sertipiko ng pagiging kalahok dito, mga medalya para sa mga magwawagi at lahat ng makakarating sa goal ay makakatanggap ng memorial record certificate at Tamagawa Half Marathon T-shirt bilang gantimpala.

Maaaring may kaibahan ang bayad ng kalahok nito depende sa kategorya ng sasalihang ibento at ito ay nagkakahalaga ng ¥1000 ~ ¥3000 . Sa mga nais sumali ipadala ang inyong aplikasyon sa Entry Center sa ika-7 ng Oktubre. Maaari ding mag-apply sa internet. Para sa detalye ng pagsali at sistema ng bayaran, mangyari po lamang na kumuha ng pamphlet sa opisina ng pamahalaan at mamamayan(city offices at citizens' offices) o di kaya makipag-ugnayan sa Sports Section ng Kawasaki City Education Committee sa telepono bilang 044-200-3245

Impormasyon sa pangangalaga ng bata para sa mga dayuhan

(外国人の子育てひろばについて)

206

Ang Support Center ay binuo para sa mga dayuhang naninirahan sa siyudad na may mga anak sa edad 0~3 taong gulang. Ang "GRAPE" ng Tama Citizen Hall (shiminkan) ay itinatag ng grupo ng mamamayang naglalayong makatulong sa pagpapalaki ng mga anak ng mga magulang na taga ibang bansa.

Para sa mga dayuhang magulang na madalang na makihalubilo sa ibang tao ay magkakaroon ng pagkakataong makipagtalastasan, makipag-palitan ng opinyon at magkaroon ng kaibigan sa pamamagitan ng itinalagang free space.

Inaakalang marami sa mga dayuhan ang mga may suliranin sa pamamaraan ng pagpapalaki ng anak kung kaya't binigyang pansin at sinikap bumuo ng lugar at ibentong maaaring salihan ng mga magulang kasama ang kanilang mga anak. Malayang makilahok tuwing ikalawang Biyernes ng bawat buwan sa oras ng alas diyes ng umaga hanggang alas dose ng tanghali (dalawang oras) hanggang sa ika-28 araw ng Marso sa susunod na taon. Walang bayad ang pagsali dito subalit sa programang may pagluluto ay hindi maiwasang magkaroon ng kontribusyon o bayarin.

Magtanong sa iba pang detalye sa numerong 044-935-3333 ng Tama Shiminkan.

* Sayang ang space na ito 'no? Baka gusto mong bumati sa kaibigan mo ? Tawagan mo ako sa number sa likod nito.

Eksibisyon ng pangkaraniwang tahanan sa Masugata, Tama Ward

(日本民家園催物について)

207

Unang ibento ay ang pagpapakita ng pamumuhay ng pamilya ng Misawa at ang hanapbuhay nitong Parmasya o paggawa at pagbenta ng mga gamot sa panahon ng huling dekada ng Edo. Ang bahay ng mga Misawa ay tinaguriang isa sa mga kayamanan ng Kultura sa Prepektura ng Kanagawa. Ito ay inilipat ng lugar mula sa Siyudad ng Ina ng Prepektura ng Nagano sa Museo ng Japan Open-Air Folk House na matatagpuan sa Tama ward.

Ang Eksibisyon ay gaganapin hanggang ika-27 araw ng Nobyembre sa ikalawang palapag ng bahay ng pamilyang Yamashita. Bilang pag-alala sa ninuno ng pamilyang Misawa na naging pangalawang pinuno ng barangay naging bahagi ito ng pagkakaroon ng istasyon ng JUKU sa highway ng Ina. Sa Eksibisyong gaganapin, matutunghayan ang mga paraan ng paggawa ng gamot mula sa mga ugat ng halaman (Kampo yaku) at mga kagamitang ginamit sa paggawa at pagbenta ng gamot sa kapanahunang ito.

Japanese Puppet Show



Ang katutubong pagpapalabas ng manika ng Hapon (Ningyou-jyoururi) ay gaganapin sa ika-16 araw ng Oktubre, Linggo, sa bahay ng pamilyang KUDO. Ang istoryang gaganapin ay unang kalahating bahagi ng AMAGAZAKI episode mula sa EHON-TAIKO-KI. Tatanghalin ito ng grupong National Intangible Folk Cultural Asset, Sagami Puppet Play, SHIMONAKAZA. Ang pagtatanghal na ito ay tinatawag na NINGYOU JOURURI.

Ang bawat palabas ay maaaring mapanood ng 120 katao sa halagang ¥1000 yen/1 tao para sa matatanda at ¥500 yen/1 tao para sa mga mag-aaral.

May dalawang pagtatanghal sa mga sumusunod na oras: 12:30 at 16:00. Bago ang pagtatanghal, may 40 minutong pagpapaliwanag at tsansang mahawakan at Makita ng malapitan ang mga gagamiting manika sa palabas.

Mag-applay sa pamamagitan ng pagpapadala ng returnable postcard kung saan kinakailangan isulat ang ibentong NINGYOU-JYOURURI, ang inyong pangalan, tirahan, telepono at banggitin ang oras na nais ninyong daluhan o panoorin. Ipadala ito sa Nihon Minka-en, Masugata 7-1-1 Tama Ward, Kawasaki City 214-0032. Ang deadline ng pag-aplay ay hanggang ika-8 ng Septyembre. Sakaling maraming aplikante, ang mga entries ay pipiliin sa pamamagitan ng bolahan.

Sa iba pang detalye, tumawag sa NIHON MINKA-EN bilang 044-922-2181.

Silid - Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Konsultasyon sa iba't-ibang Wika:

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Kastila: Martes at Huwebes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

Oras ng Konsultasyon:

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Salin-wika: Ogura Noemi

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdigang ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center

Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:http://www.bremen.or.jp/kian/